# HELPS

Harmonized Electronic License and Permit System

Online Integrated DSWD Permit System

# QUICK GUIDE




## Don’t fall in line, go online!

Sa tulong ng **DSWD HELPS**
o ang **Harmonized Electronic License and Permit System,** mas pinadali na ang registration, licensing, at accreditation application process para sa ating mga SWDAs o Social Welfare and Development Agencies.

Mula sa **49 processing steps**, **ngayon ay 12 steps nalang.**

Sa loob lang ng **7 working days,** ay mabibigyan kayo agad ng real-time application status!

# 1 REGISTRATION, LICENSING AND ACCREDITATION

Narito ang mga hakbang sa pag-apply ng **Registration, Licensing and Accreditation** gamit ang HELPS:


**Para sa mga Private Social Welfare and Development Agencies (SWDAs):**

1. I-type ang **https://helps.dswd.gov.ph/** upang ma-a-access ang DSWD HELPS.
2. Kung ikaw ay isang Social Welfare and Development Agency (SWDA) na first time user ng HELPS, i-click ang “Sign up for Organization”.
3. Piliin ang “Registration and Licensing” Service.
4. Punan ang mga kinakailangan na detalye na makikita sa application form.
5. I-upload ang mga kinakailangang dokumento.
6. Pindutin ang “Submit” button upang ma-i-submit ang inyong application.
7. Pagka submit ng inyong application, ididirekta kayo sa ating partner Payment Channels para i-settle ang Php 2,000.00 processing fee.
8. Makakatanggap kayo ng payment confirmation sa inyong email na ginamit sa pag create ng HELPS account.
9. Maghintay sa loob ng 7 working days para sa resulta ng inyong application.

Pagkatapos ng 7 working days, kung ang inyong application ay aprubado, kayo ay makakatanggap ng email notification kung saan maari ng ma-view at madownload mula sa inyong HELPS account ang electronic Certificate of Registration and License to Operate (CRLTO) na valid for 3 years.

Kung hindi maaaprubahan ang inyong application, bibigyan kayo ng 30 calendar days upang makapag-comply sa iba pang dokumento na hihingiin.

Pagka-issue ng CRLTO, bibigyan din kayo ng calendar link upang makapili ng schedule para sa assessment visit for accreditation.






Tandaan, ang SWDAs na may issued CRLTO sa ilalim ng DSWD HELPS ay automatic na ma-a-assess for accreditation base sa prescribed timeline sa ilalim ng MC 18, s. 2024.

Para sa mga **Private Social Welfare and Development Agencies (SWDAs)** na may **valid RL certificates from previous guidelines**:

1. I-type ang https://helps.dswd.gov.ph/ upang ma-a-access ang DSWD HELPS.
2. Kung ikaw ay isang Social Welfare and Development Agency (SWDA) na first time user ng HELPS, i-click ang "Sign up for Organization".
3. Piliin ang "Accreditation" Service.
4. Punan ang mga kinakailangan na detalye na makikita sa application form.
5. I-upload ang mga kinakailangang dokumento.
6. Mamili ng preferred calendar schedule para sa iyong assessment visit.
7. Pindutin ang "Submit" button upang mai-submit ang inyong application.
8. Pagka submit ng inyong application, ididirekta kayo sa ating partner Payment Channels para i-settle ang Php 1,000.00 processing fee per facility, program or areas of operations.
9. Makakatanggap kayo ng payment confirmation sa inyong email na ginamit sa pag create ng HELPS account.
10. Maghintay sa loob ng 7 working days para sa resulta ng inyong application for accrediation.

Para sa mga **Public Social Welfare and Development Agencies (SWDAs)**

1. I-type ang https://helps.dswd.gov.ph/ upang ma-a-access ang DSWD HELPS.
2. Kung ikaw ay isang SWDA na first time user ng HELPS, i-click ang "Sign up for Organization".
3. Piliin ang "Accreditation" Service.
4. Punan ang mga kinakailangan na detalye na makikita sa application form.
5. I-upload ang mga kinakailangang dokumento.
6. Mamili ng preferred calendar schedule para sa iyong assessment visit.
7. Pindutin ang "Submit" button upang ma-i-submit ang inyong application. Ang Public SWDAs ay waived sa processing fees.
8. Maghintay sa loob ng seven (7) working days para sa resulta ng inyong application for accrediation.

Tandaan, ang validity ng ma-i-issue na Certificate of Accreditation sa isang SWDA ay magiging synchronized sa kanilang CRLTO. Kung ikaw ay Public SWDA, automatic na 3 years ang validity ng iyong Certificate of Accreditation.

Kung hindi maaaprubahan ang inyong application, bibigyan kayo ng 30 calendar days upang makapag-comply sa iba pang dokumento na hihingiin.

**Kung nais mag renew,** mag log in lamang ulit sa inyong **HELPS Account at mag apply muli ng Registration and Licensing.**

# 2 PUBLIC SOLICITATION

Para sa mga **SWDA na nag-a-apply para sa CRLTO** na nais ding sabay na kumuha ng **Regular Public Solicitation Permit**, national/regional:

1. Pagkatapos makumpleto ang Registration at Licensing Application, mayroong pop-up notification na lalabas sa inyong screen para sa Public Solicitation Application.
2. I-click ang "Yes, proceed to Public Solicitation application."
3. Punan ang mga kinakailangan na detalye na makikita sa application form.
4. I-upload ang mga kinakailangang dokumento.
5. Pindutin ang "Submit" button upang ma-i-submit ang inyong application.
6. Pagka-submit ng inyong application, ididirekta kayo sa Payment Channels.
7. I-settle ang processing fee: Php 1,000.00 para sa application ng National Public Solicitation Permit at Php 500.00 naman sa application ng Regional Public Solicitation Permit.
8. Hintayin ang resulta sa loob ng seven (7) working days.

✔ Kapag pasado, congratulations! Matatanggap niyo na ang electronic Public Solicitation Permit.

✘ Kung hindi pasado ang inyong application, kayo ay bibigyan ng **30 calendar days** upang makapag-comply sa mga requirements.

Para sa mga **SWDA na nag-a-apply para sa CRLTO** na nais ding sabay na kumuha ng **Temporary Public Solicitation Permit**, national/regional:

1. Pagkatapos makumpleto ang Registration at Licensing Application, mayroong pop-up notification na lalabas sa inyong screen para sa Public Solicitation Application.
2. I-click ang "Yes, proceed to Public Solicitation application."

| | |
|---|---|
| 3 | Punan ang mga kinakailangan na detalye na makikita sa application form. |
| 4 | I-upload ang mga kinakailangang dokumento. |
| 5 | Pindutin ang "Submit" button upang ma-i-submit ang inyong application. |
| 6 | Makakatanggap kayo ng confirmation email. |
| 7 | Hintayin ang resulta sa loob ng three (3) working days. |

✓ Kapag pasado, congratulations! Matatanggap niyo na ang electronic Public Solicitation Permit.

✗ Kung hindi pasado ang inyong application, kayo ay bibigyan ng **30 calendar days** upang makapag-comply sa mga requirements.

Para sa mga **SWDA na hindi sabay na nag-apply ng permit sa kanyang CRLTO, sa mga Non-SWDA o Individual** na nais kumuha ng **Regular Public Solicitation Permit**, national/regional:

| | |
|---|---|
| 1 | I-type ang **https://helps.dswd.gov.ph/** upang ma-access ang DSWD HELPS |
| 2 | Gumawa ng account o vmag-login para sa mga may existing account |
| 3 | Piliin ang "Public Solicitation" Service. |
| 4 | Punan ang mga kinakailangan na detalye na makikita sa application form. |
| 5 | I-upload ang mga kinakailangang dokumento. |
| 6 | Pindutin ang "Submit" button upang ma-i-submit ang inyong application. |
| 7 | Pagka-submit ng inyong application, ididirekta kayo sa Payment Channels. |
| 8 | I-settle ang processing fee: Php 1,000.00 para sa application ng National Public Solicitation Permit at Php 500.00 naman sa application ng Regional Public Solicitation Permit |
| 9 | Makakatanggap kayo ng payment confirmation email. |
| 10 | Hintayin ang resulta sa loob ng seven (7) working days. |

✓ Kapag pasado, congratulations! Matatanggap niyo na ang electronic Public Solicitation Permit.

Kung hindi pasado ang inyong application, kayo ay bibigyan ng **30 calendar days** upang makapag-comply sa mga requirements.

Para sa mga **SWDA na hindi sabay na nag-apply ng permit sa kanyang CRLTO, sa mga Non-SWDA o Individual** na nais kumuha ng **Temporary Public Solicitation Permit,** national/regional:

1. I-type ang **https://helps.dswd.gov.ph/** upang ma-access ang DSWD HELPS
2. Gumawa ng account o mag-login para sa mga may existing account
3. Piliin ang "Public Solicitation" Service.
4. Punan ang mga kinakailangan na detalye na makikita sa application form.
5. I-upload ang mga kinakailangang dokumento.
6. Pindutin ang "Submit" button upang mai-submit ang inyong application.
7. Makakatanggap kayo ng confirmation email.
8. Hintayin ang resulta sa loob ng three (3) working days.

Kapag pasado, congratulations! Matatanggap niyo na ang electronic Public Solicitation Permit.

Kung hindi pasado ang inyong application, kayo ay bibigyan ng **30 calendar days** upang makapag-comply sa mga requirements.




Para sa iba pang impormasyon tungkol sa **DSWD HELPS**, maaari kayong tumawag sa:

**(02) 8931-3181 at i-follow ang**

**@DSWDStandardsBureau sa Facebook**

**DSWD**
Department of Social Welfare and Development

BAGONG PILIPINAS

**#BawatBuhayMahalagaSaDSWD**

www.dswd.gov.ph dswdserves dswdphilippines